

Kusang-loob na Pagkilala sa Sarili ng Lahi at Etnisidad

Ang isang bagong proseso, simula sa Enero 2025, ay nagpapahintulot sa mga nagbabayad ng buwis na magbigay ng impormasyon tungkol sa kanilang lahi at etnisidad sa Oregon Department of Revenue, kapag naghain sila ng kanilang mga personal na "Pagbabalik ng Buwis sa Kinita" (Income Tax Return, ITR).

Ano ito?

Ang pagpapakilala sa sarili ng kusang-loob ay kapag ang mga nagbabayad ng buwis ay nagbibigay ng kanilang impormasyon sa lahi at etnisidad sa Oregon Department of Revenue (Kagawaran ng Rentas ng Oregon).

Para makapagbigay ng impormasyon, ang mga nagbabayad ng buwis ay gumagamit ng isang hiwalay na form na kasama sa Oregon Income Tax Return (ITR). Ang mga taong hindi na kailangang mag-file ng pagbabalik ay maaaring mag-file ng isang form nang hiwalay sa Revenue Online.

Bakit tayo nagtatanong?

Ang inyong mga sagot sa mga katanungan tungkol sa lahi at etnisidad ay makakatulong sa mga ekonomista at mananaliksik ng estado na suriin ang hindi pagkakapantay-pantay sa patakaran sa buwis. Magbibigay ng kaalaman sa kasalukuyan at hinaharap na mga pag-uusap sa patakaran sa buwis ang kanilang pananaliksik.

Mahalaga ang pakikilahok ng mga nagbabayad ng buwis sa buong Oregon. Kung mas maraming nagbabayad ng buwis ang nais na magbahagi ng impormasyon tungkol sa kanilang lahi at etnisidad, magiging mas tumpak ang data ng pananaliksik.

Nasa inyo ang desisyon.

Nakadepende sa iyo kung sasagutin mo ang mga tanong sa lahi at etnisidad. Kusang-loob ang form. Hindi mo kailangang magbigay ng mga sagot sa mga katanungan tungkol sa lahi at etnisidad.

Umaasa ang Kagawaran ng Rentas ng Oregon na sasagutin mo ang mga tanong na ito, para mas mapagsilbihan ka nito at ang lahat ng taga Oregon.

Paano mo mapoprotektahan ang aking privacy?

Gusto naming ipaabot na ligtas ang pagsagot sa mga tanong tungkol sa lahi at etnisidad. Ang inyong impormasyon ay mahigpit na kumpidensyal at protektado.

Sisiguraduhin namin na ang inyong impormasyon at ang mga awtorisadong indibidwal lamang ang may access dito. Hindi namin gagamitin ang inyong impormasyon para sa anumang iba pang layunin. Hindi magbubunyag ng anumang personal na impormasyon sa pagkakakilanlan, tulad ng pangalan, address, o numero ng telepono ang pagbibigay ng impormasyon sa iyong lahi at etnisidad.

Hindi gagamitin ang inyong impormasyon para sa anumang bagay maliban sa pagtulong sa inyo sa pag-file ng inyong pagbabalik ng buwis ang mga propesyonal na naniningil ng buwis at mga kumpanya ng software na ginagamit sa pagbabayad ng buwis.

Hindi namin ibabahagi ang inyong impormasyon sa Serbisyo ng Rentas Internas (Internal Revenue Service, IRS).

Puwede mong makuha ang dokumentong ito sa ibang mga wika, mas malaking naka-print, braille, o isang format na gusto mo nang walang bayad. Makipag-ugnayan sa dor.comms@dor.oregon.gov para sa inyong kahilingan,